Department of



# IMPORMASYON PARA SA MGA PAMILYA

Matrikula para sa may hawak na Temporary Skill Shortage (TSS) na visa (subclass 482) at Temporary Work (Skilled) na visa (subclass 457) na may mga anak na pumapasok sa mga pampublikong paaralan sa Western Australia.

Bilang isang may hawak ng 457 o 482 na visa, ang iyong mga anak ay magkakaroon ng parehong access sa pampublikong edukasyon gaya ng mga bata sa Western Australia at maaaring i-enrol sa pampublikong paaralan sa kanilang lugar. Gayunpaman, kailangan mong bayaran ang matrikula ng pamilya.

## Ang matrikula at boluntaryong kontribusyon sa paaralan, mga singil at bayarin

Ang matrikula ay $4 000 bawat pamilya kada taon, anuman ang bilang ng iyong mga anak (Pre-primary hanggang Year 12) na naka-enrol sa mga pampublikong paaralan. Ang mga pamilya na may panganay na anak na naka-enrol sa Kindergarten ay hindi kinakailangang magbayad ng halagang ito. Kailangan mo ring bayaran nang diretso sa mga paaralan ng iyong mga anak ang mga boluntaryong kontribusyon sa paaralan, mga singil at bayarin. Ang mga pagbabayad na ito ay ginagawa ng lahat ng mga pamilya na may mga anak na pumapasok sa paaralan, at kailangang bayaran kada taon para sa bawat batang naka-enrol.

## Pagbabayad ng matrikula

Ang matrikula ay binabayaran sa TAFE International Western Australia. Sa pagsisimula ng bawat taon ng pag-aaral (o kapag ipina-enrol mo ang iyong mga anak sa paaralan) makakatanggap ka ng payo sa bayarin para sa $4000 (o pro rata) sa pamamagitan ng koreo o email.

Maaari mong bayaran nang buo ang matrikula bilang isahang pagbabayad; o bayaran nang hulugan sa buong taon sa pamamagitan ng direct debit. Ang buong kabayaran ay dapat matanggap bago sumapit ang katapusan ng taon kung kailan inisyu ang invoice.

Anumang hindi pa bayad o natitira pang bayarin sa matrikula simula noong nakaraang mga taon ay dapat bayaran kasama ng mga bayarin sa 2020.

## Hindi na nagbabayad ng matrikula

Hindi ka na magbabayad ng matrikula kung:

> nakakuha ka na ng permanent residence;

> umalis na ang iyong mga anak sa pampublikong paaralan; o

> ang katayuan ng iyong visa ay napalitan mula sa 457 o 482 na Visa.

Dapat mong ipaalam sa bawat paaralan ng iyong mga anak kung nangyari ang alinman sa ganitong mga sitwasyon. Sisiguraduhin nito na mabibigyan ka ng tamang Payo sa Bayarin at matatanggap mo ang anumang mga refund na maaaring karapat-dapat mong tanggapin.

Kung ikaw ay dating may hawak na 457 o 482 na Visa ngunit kasalukuyang nasa isang Bridging Visa, kailangan mong magpatuloy sa pagbabayad ng matrikula. Hindi babaguhin ng Bridging Visa ang mga kondisyon at mga karapatang natatanggap sa iyong substantive 457 o 482 na Visa.

## Kahirapan sa pananalapi

Kung ikaw ay may hawak na 457 o 482 na visa, maaari kang mag-aplay para sa kahirapan sa pananalapi upang mabawasan o matanggal ang iyong matrikula. Ang aplikasyon para sa kahirapan sa pananalapi ay dapat isagawa sa taon kung kailan natamo ang bayarin. Ang mga aplikasyon sa kahirapan sa pananalapi para sa matrikula na naranasan bago ang 2019 ay hindi na maisusumite.

Mayroong dalawang magkakaibang uri ng aplikasyon para sa kahirapan sa pananalapi:

**Pinagsama-samang gross na kita ng pamilya**

Ang pinagsama-samang gross na kita ng pamilya ay ang maaaring buwisang kabuuang kita na natanggap ng mga magulang bago makaltasan ng buwis at iba pa. Ang kita mula sa obertaym o mga bonus na kabayaran ay kasama.

Kung ang inyong pinagsama-samang gross na kita ng pamilya ay kinalkula bilang $75 000 o mas mababa pa para sa taon, maaaari kang mabigyan ng full waiver sa matrikula.

Kailangan mong magbigay ng katibayan upang makalkula ang iyong pinagsama-samang gross na kita ng pamilya. Dapat isama sa katibayan para sa inyo ng partner mo ang:

> tatlong pinakahuling payslip;

> katibayan ng taon upang malaman ang petsa ng kita;

> iniulat na kita sa PAYG o mga group certificate; at

> abiso ng pagkakaloob ng 457 o 482 na Visa o kontrata mo sa pagtatrabaho na may garantisadong kita.

**Hindi inaasahang mga pagbabago sa kalagayan sa pananalapi**

Ang buo o bahaging waiver sa matrikula ay maaaring ipagkaloob kapag nabawasan ng hindi inaasahang pagbabago sa iyong kalagayan sa pananalapi ang iyong kakayahang magbayad ng matrikula. Kailangan mong magbigay ng katibayan ng hindi inaasahang pangyayari at kung paano nito nabawasan ang iyong kakayahang magbayad ng matrikula sa loob ng anim na buwan ng pangyayari.

Kabilang sa hindi inaasahang pangyayari ang pagkakasakit, kawalan ng trabaho, nabagong mga kondisyon sa trabaho, pagkasira ng pamilya o kamatayan.

Ang sumusunod na mga pangyayari ay hindi itinuturing na hindi inaasahan:

> ang rekesitong bayaran ang matrikulang ito o iba pang mga bayarin sa paaralan;

> pag-aaplay para sa permanent residence;

> mga gastos sa pamumuhay ng pamilya, tulad ng upa, seguro sa kalusugan o pagbabayad ng utang; o

> pagbabayad para sa edukasyon ng ibang mga anak o ng isang may sapat na gulang na mag-aaral.

Ang anumang pagbabago sa trabaho ay maaaring makaapekto sa iyong aplikasyon para sa kahirapan. Kailangan mong ibigay ang gross na kita na natanggap ninyo ng partner mo na mula sa lahat ng binabayarang trabaho. Dapat mong ibigay ang mga liham ng pagkakasisante o pagiging redundant sa trabaho, pinakahuling mga payslip mula sa isang trabaho o impormasyon kung gaano katagal ka na o ang iyong partner na walang trabaho.

Lahat ng mga aplikasyon sa kahirapan sa pananalapi ay pag-aaralan ayon sa bawat kaso. Aabisuhan ka sa kinalabasan ng iyong aplikasyon sa kahirapan sa pananalapi sa pagitan ng apat at anim na linggo matapos maibigay ang lahat ng kinakailangang mga dokumento sa TAFE International Western Australia.

Ang bagong aplikasyon para sa kahirapan sa pananalapi ay dapat isagawa kada taon. Kapag ipinagkaloob ang waiver sa matrikula, ilalapat lamang ito sa panahong wala kang kakayahang magbayad ng halaga. Ang waiver sa bayarin ay hindi magpapatuloy sa susunod na taon ng pag-aaral.

